Ang Orden Relihyoso Na Maronite Ng Lebanon

Ang Orden Relihyoso na Maronite ng Lebanon (Lebanese Maronite Order o tinatawag ding Baladites/ Valadites) ay isang orden ng mga monghe ng Simbahang Maronite. Itinatag ang orden noong 1695 sa Monasteryo ng Mart Moura, Ehden, Lebanon, ng tatlong lalaking kabilang sa Simbahang Maronite mula sa Aleppo sa Syria na lumisan sa kanilang mga tahanan upang mamuhay bilang mga monghe sa Lebanon. Sa pamamatnubay ng Lubhang Kagalang-galang na Patriarka Estephan El Douaihy (1670-1704), binuo ng tatlong lalaki ang Orden Relihyoso na Maronite ng Lebanon bilang una at opisyal na Orden sa rehiyon. Ito ang unang Orden na may nakasulat na pormal na mga batas na pinagtibay ng Vaticano noong 1732.

Ang Orden Relihyoso na Maronite ng Lebanon ay sumusunod sa tradisyunal na buhay ng monasteryo na panalangin, sakripisyo, at katahimikan. Ang Orden ay kilala sa buhay agricultural na may mataas na pagturing sa lupa at sa mga tao. Mataas din ang pagtingin sa tradisyunal na buhay monasteryong Syriac at sa paglilingkod pastoral dahil sa pagbibigay puwang sa mga miyembro na maging mga Pari, upang makapaglingkod sa mga parokya sa ilalim ng nasasakupan ng monasteryo at sa palibot na mga nayon. Kilala ang mga mongheng ito sa kanilang mahusay na paggawa sa bukid, sa paglilingkod sa pamayanan, at sa pagtuturo sa mga tao. Dahil dito, maraming mga tao naman ang nagbibigay sa kanila ng lupain bilang pasasalamat sa kanilang pagkalinga. Noong Unang Digmaang Pandaigdig at sa tag-gutom na naganap sa ilalim ng Ottoman Empire, ang Orden ay nangako ng kanilang mga ari-arian upang pakanin ang mga nagugutom, mga mahihirap, at mga naghihinagpis. Naganap ulit ito noong Digmaan sa Lebanon (1975-1993), kung saan binuksan nila ang pintuan ng kanilang mga monasteryo sa mga nawalan ng tahanan at sa mga nangangailangan. Nakibahagi ang Orden sa pagdurusa ng mga mamamayang Lebanese at sinalamin nila ang pag-uusig na kanilang dinanas, at gumanap sila ng mahalagang bahagi sa pampulitika at panlipunang gampanin sa pagpapanatili ng presensyang Kristiyano sa Lebanon. Ngayon ang Orden Relihyoso na Maronite ng Lebanon ay may 64 na monasteryo sa Lebanon, at 20 monasteryo sa labas ng bansa. Nagtatag at nagpapatakbo ang Orden ng iba’t-ibang institusyon tulad ng mga paaralan, Pamantasan, ospital, at iba pa. Si San Sharbel at ang mga santong sina Santa Rafqa Ar-Rayès, Santo Nimatullah Al-Hardini at si Beato Estephan Nehme ay bahagi ng Orden Relihyoso na Maronite ng Lebanon.